


| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| GRADES 1 to<br>DAILY LESSON LOG | School: | | Grade Level: | VI |
| | Teacher: | | Learning Area: | FIILIPINO |
| | Teaching Dates and Time: | SEPTEMBER 8-12, 2025 (W | Quarter: | 2ND QUARTER |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | EEK3) | | | |
| | MONDAY | TUESDAY | WEDNESDAY | THURSDAY | FRIDAY |
| **I. LAYUNIN** | | | | | |
| **A. Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ang kakayahan sa mapanuring pakikinig at pag-unawa sa napakinggan<br>Naipamamalas ang kakayahan at tatas sa pagsasalita at pagpapahayag ng sariling ideya, kaisipan, karanasan at damdamin<br>Naisasagawa ang mapanuring pagbasa sa iba't ibang uri ng teksto at napalalawak ang talasalitaan<br>Naipamamalas ang iba't ibang kasanayan upang maunawaan ang iba't ibang teksto<br>Napauunlad ang kasanayan sa pagsulat ng iba't ibang uri ng sulatin<br>Naipamamalas ang kakayahan sa mapanuring panood ng iba't ibang uri ng media<br>Naipamamalas ang pagpapahalaga at kasanayan sa paggamit ng wika sa komunikasyon at pagbasa ng iba't ibang uri ng panitikan | | | | |
| **B. Pamantayan sa Pagganap** | Nakapagsasagawa ng isahang pagsasadula tungkol sa isang isyu o paksang napakinggan.<br>Naiuulat ang isang isyu o paksang napakinggan.<br>Nakagagawa ng character profile batay sa kuwento o tekstong binasa.<br>Nakagagawa ng graph o dayagram upang ipakita ang nakalap na impormasyon o datos.<br>Naisasakilos ang isang paksa o isyung napanood.<br>Napapahalagan ang wika at panitikan sa pamamagitan ng pagsali sa usapan at talakayan, paghiram sa aklatan, pagkukuwento, pagsulat ng tula at kuwento. | | | | |
| **C. Mga Kasanayan sa Pagkatuto. Isulat and code ng bawat kasanayan** | Nabibigyang kahulugan ang kilos ng mga tauhan sa napakinggang pabula. **F6PN-IIc-19** | Nabibigyang kahulugan ang kilos ng mga tauhan sa napakinggang pabula. **F6PN-IIc-19** | Nagagamit ang magagalang na pananalita sa iba't ibang sitwayson. (pagbabahagi ng obserbasyon sa paligid) **F6PS-IIc-12.13** | Nagagamit nang wasto ang pang-uri sa paglalarawan sa iba't ibang sitwasyon. (Kayarian) **F60L-IIa-e-4** | **WEEKLY TEST** |
| **II. NILALAMAN** | | | | | |
| | Pagbibigay kahulugan sa kilos ng tauhan sa napakinggang pabula | Pagbibigay kahulugan sa kilos ng tauhan sa napakinggang pabula | Paggamit ng Magagalang na Pananalita (Pagsasalaysay ng mga Pangyayaring Naobserbahan sa Paligid ) | Pagbibigay kahulugan sa salitang hiram | |
| **III. KAGAMITANG PANTURO** | | | | | |
| **A. Sanggunian** | | | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **1. Mga pahina ng Gabay ng Guro** | | | | | |
| **2. Mga pahina ng Kagamitang Pang-Mag-aaral** | Hiyas sa Pagbasa 6 pah. 163-164<br>Landas sa Wika pah 170 | Hiyas sa Pagbasa 6 pah. 163-164<br>Landas sa Wika pah 170 | | | |
| **3. Mga Pahina sa teksbuk** | | | | | |
| **4. Karagdagang Kagamitan mula sa portal ng Learning Resources (LR)** | | | | MISOSA PANG-URI AYON SA KAYARIAN | |
| **B. Iba pang kagamitang panturo** | | | | | |
| **IV. PAMAMARAAN** | | | | | |
| **A. Balik-Aral sa nakaraang aralin at/o pagsisimula ng bagong aralin** | | | Ano ang nakalipas nating aralin? | Basahin mo ang diyalogo.<br>**Ang pangarap kong daigdig**<br><br>Naunawaan mo ba ang usapan nina Bubuyog at Paruparo?<br>Anu-ano ang mga pang-uring ginamit sa usapan nina Paruparo at Bubuyog? Tukuyin kung ito ay lantay, pahambing o pasukdol. | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **B. Paghahabi sa layunin ng aralin** | Ilahad ang kasunod na seleksyon<br><br>Matapat ninyong gin<br>magsibak ng panggatong a<br>stove ang inyong tatay. A<br>Bakit? Tama bang kayo'y m<br>wala na kayong silbi? Patun<br>Sabihin :<br>Isang pabula ang inyong mapapakinggan. Ipaliwanag kung bakit nagdamdam ang kalabaw. | Ilahad ang kasunod na seleksyon<br><br>Matapat ninyong ginagampanan a<br>magsibak ng panggatong araw-araw. Bu<br>stove ang inyong tatay. Ano ang mad<br>Bakit? Tama bang kayo'y magdamdam a<br>wala na kayong silbi? Patunayan.<br>Sabihin :<br>Isang pabula ang inyong mapapakinggan. Ipaliwanag kung bakit nagdamdam ang kalabaw. | Tumawag ng isang mag-aaral upang magsalaysay ng mga pangyayari na naobserbahan n'ya sa kanyang paligid.<br>Itanong: Sino sa inyo ang makapagsasalaysay ng mga pangyayaring naobserbahan ninyo sa inyong paligid?<br>Original File Submitted and Formatted by DepEd Club Member - visit depedclub.com for more | Basahin mo ang tula.<br>Pangarap na Daigdig<br>Itong ating bansa'y tunay na biniyayaan<br>Ng ubod ng gandang angking kapaligiran<br>Mayaman at malawak na kalikasan<br>Tunay na dangal ng Pilipinong mamamayan.<br>Sagana sa isda, malinaw na karagatan<br>Malalabay na puno ang nasa kabundukan<br>Ginto at langis makukuha sa minahan<br>Sariwang hangin ay nalalanghap ng katawan.<br>Masaya na sana sa ganitong kalagayan<br>Wala nang mahihiling ang bawat mamamayan<br>Ngunit biglang nabago ang ating panahanan<br>Tunay, tao na rin ang siyang may kagagawan<br>Ngayon bakit patuloy na pinababayaan?<br>Mabahong basura'y nakakalat sa lansangan<br>Naubos na ang puno sa ating kagubatan<br>Maruming-marumi na ang ating katubigan.<br>Napakalimit ang mga nangyayaring sakuna<br>Mayaman man at mahirap ay naging biktima<br>Ngunit bakit parang hindi natin alintana<br>Sa mga pangyayari hindi mandin nadadala?<br>Ngayon na ang panahon upang ating simulan<br>Ating isaisip ang buhay at kapakanan<br>Paligid natin ay alagaan at bantayan<br>Taos-pusong pasasalamat sa daigidig na tahanan. | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **C. Pag-uugnay ng mga halimbawa sa bagong aralin** | | Mga Hayop man, May Pakiramdam Din<br><br>Ang Malungkot na Kalabaw<br><br>Malungkot si Kalabaw. Mangyari, dumating na ang biniling malit na traktora ni Mang Simo. Pang-araro at pansuyod iyon, alam niya. Panghila rin ng kariton. Kaya iniisip niyang wala na siyang silbi para kay Mang Simo tulad din naman ng lumang araro at suyod na dating gamit nito.<br>Tumigil sa pagmutmot ng damo at lumakad-lakad sa parang si Kalabaw.<br>Sa di kalayuan, nasalubong ni Kalabaw si Inahing Manok. "Kalabaw, bakit malungkot ka? Ano ba ang nangyari?" tanong ni Inahing Manok.<br>Sinabi ni Kalabaw kay Inahing Manok ang lahat. "Ngayon, wala na akong silbi. Hindi na ako kailangan ni Mang Simo."<br>Walang sinabi si Inahing Mahok. Tumalikod ito at iniwan si Kalabaw.<br><br>Binuloy ni Kalabaw ang paglalakad-lakad [illegible] makita niya si Kambing. "Alam mo Kambing, [illegible]" salubong niya rito.<br>"Bakit?" tanong ni Kambing.<br>"Pakiramdam ko kasi'y wala na 'kong silbi para kay Mang Simo," aniya. "May traktora na siya para gumawa ng mga gawain ko."<br>Nag-isip si Kambing bago sumagot.<br>"Kaibigang Kalabaw, totoo ang sinabi mong iyon. Alam ko ngang higit pang mabuting pang-araro at pansuyod ang traktora kaysa sa iyo. Siguro, maging sa paghila ng kariton o anoman, higit na malakas kaysa sa iyo ang traktora," sabi ng kambing. "Ngunit hindi mo ba naisip na hindi lahat ng nagagawa mo'y kayang gawin ng traktora?"<br>"Halimbawa, kaya bang bigyan ng gatas ng traktora ang familya ni Mang Simo?" tanong ni Kambing.<br>Napadilat sa kasiyahan si Kalabaw dahil sa narinig. Tumingin siya kay Kambing.<br>"Tama ka! Hindi nga... dahil walang gatas ang traktora."<br>"Kame... mabibigyan ba ng traktora ng kahit isang pirasong kame ang familya ni Mang Simo?"<br>"Hindi rin nga!"<br>"Iyon, Kalabaw, ang patunay na mali ka sa pag-iisp na wala ka nang silbi para kay Mang Simo."<br>"Kambing, mabuti naman at alam mo iyon.".<br>"Bakit naman hindi ko malalaman iyon? Ganoon din naman kaming mga kambing. Paris ng alam mo, hindi kami pinakikinabangan ni Mang Simo sa paggawa dahil mahina kami. Ngunit, nakikita mong may nagagawa pa rin kami para sa kanyang familya."<br>Tumangu-tango si Kalabaw.<br>"Ang mahalaga kaibigan, ginagawa mong lahat ang kaya mo para maibigay kay Mang Simo at sa familya niya ang lahat ng iyon. Ikaw na ang gumawang kapaki-pakinabang sa sarili mo para sa kanya."<br>"Gagawin ko iyon, Kambing," masayang sabi ni Kalabaw. "Maraming salamat sa payo mo." | Wala ka bang napapansin sa iyong mga kapaligiran?<br>Kay dumi na ng hangin, pati na ang mga ilog natin.<br><br>Refrain 1: hindi na masama ang pag-unlad at malayu-layo na rin ang ating narating ngunit masdan mo ang tubig sa dagat dati'y kulay asul ngayo'y naging itim ang mga duming ating ikinalat sa hangin sa langit huwag na nating paabutin upang kung tayo'y pumanaw man, sariwang hangin sa langit natin matitikman<br><br>Refrain 2: mayron lang akong hinihiling sa aking pagpanaw sana ay tag-ulan gitara ko ay aking dadalhin upang sa ulap na lang tayo magkantahan<br><br>Refrain 3:mga batang ngayon lang isinilang may hangin pa kayang matitikman? may mga puno pa kaya silang aakyatin may mga ilog pa kayang lalanguyan?<br><br>Refrain 4: bakit di natin pagisipan ang nangyayari sa ating kapaligiran hindi na masama ang pag-unlad kung hindi nakakasira ng kalikasandarating ang panahon mga ibong gala ay wala nang madadapuan masdan mo ang mga punong dati ay kay tatag ngayo'y namamatay dahil sa 'ting kalokohan<br><br>Refrain 5: lahat ng bagay na narito sa lupa biyayang galing sa diyos kahit nong ika'y wala pa ingatan natin at 'wag nang sirain pa pagkat pag kanyang binawi, tayo'y mawawala na | Alamin pah. 5 | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **D. Pagtalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #1** | Sagutin ang mga tanong:<br>1. Bakit nagdamdam ang kalabaw? Anong katangian ang ipinahiwatig nang sabihin ng kalabaw na wala na siyang silbi?<br>2. Paano binigyan ng kambing ng pag-asa ang kalabaw? Anong katangian ang taglay ng kambing?<br>Ano ang ginawa ng inahing manok nang magtapat sa kanya ang kalabaw ng dahilan ng kanyang pagdaramdam? Anong katangian ang ipinakita ng inahing manok? | Sagutin ang mga tanong:<br>3. Bakit nagdamdam ang kalabaw? Anong katangian ang ipinahiwatig nang sabihin ng kalabaw na wala na siyang silbi?<br>4. Paano binigyan ng kambing ng pag-asa ang kalabaw? Anong katangian ang taglay ng kambing?<br>Ano ang ginawa ng inahing manok nang magtapat sa kanya ang kalabaw ng dahilan ng kanyang pagdaramdam? Anong katangian ang ipinakita ng inahing manok? | Talakayin ang awit sa pamamagitan ng pagsagot sa mga tanong.<br>1. Tungkol saan ang awit?<br>2. Ano ang isinasaad ng liriko ng awit?<br><br>Isalaysay mo nga ang awit gamit ang magagalang na salita | Isaisip Mo pah 5-6 | |
| **E. Pagtalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #2** | | | | Pagsasanay pah 6 | |
| **F. Paglinang ng Kabihasaan ( tungo sa Formative Assessment )** | Basahin ang kuwentong " Ang Tipaklong at ang Paruparo" pah. 163-164 ng Hiyas sa Pagbasa 6 at gawin ang mga sumusunod<br><br>1. Ibigay ang katangian ng | Basahin ang kuwentong " Ang Tipaklong at ang Paruparo" pah. 163-164 ng Hiyas sa Pagbasa 6 at gawin ang mga sumusunod<br><br>2. Ibigay ang katangian ng bawat tauhan batay sa pananalita at kilos. | Pangkatin ang mga mag-aaral sa lima (5) at hayaan silang magsalaysay ukol sa mga pangyayari na naobserbahan nila sa kanilang paligid. | Ating Isagawa pah. 7 | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | bawat tauhan batay sa pananalita at kilos.<br>Sumulat ng limang pangungusap na hango sa kuwentong binasa at suriin ang bawat isa ayon sa mga bahaging bumubuo rito. | 3. Sumulat ng limang pangungusap na hango sa kuwentong binasa at suriin ang bawat isa ayon sa mga bahaging bumubuo rito. | | | |
| **G. Paglalapat ng aralin sa pang-araw-araw na buhay** | 1. Kung kayo ang manok, ano ang sasabihin ninyo sa kalabaw?<br><br>Anong mahalagang mensahe para sa atin ng pabula? | 2. Kung kayo ang manok, ano ang sasabihin ninyo sa kalabaw?<br>**3.** Anong mahalagang mensahe para sa atin ng pabula? | Magmasid sa inyong kapaligiran at isulat kung ano ang inyong naobserbahan sa araw na ito. | Ilarawan ang kapaligiran ng iyong paaralan. | |
| **H. Paglalahat ng Aralin** | Makapagbibigay tayo ng akmang kahulugan sa katangian o kilos ng isang tauhan sa pabulang napakinggan kung uunawain natin ang kuwento at puno ng damdamin ang paraan ng pagbabasa.<br>(Maaaring iba ang kasagutan) | Makapagbibigay tayo ng akmang kahulugan sa katangian o kilos ng isang tauhan sa pabulang napakinggan kung uunawain natin ang kuwento at puno ng damdamin ang paraan ng pagbabasa.<br>(Maaaring iba ang kasagutan) | Maraming mga bagay ang naoobserbahan natin sa ating kapaligiran .At lahat tayo ay may kakayahan na unawain at isalaysay ang mga ito na gamit ang magagalang na salita. | May tatlong dahilan kung bakit nanghihiram ng salita ang mga Pilipino.<br>1. Hiramin ang salita, at tumbasan sa Filipino.<br>Halimbawa<br>Classroom – Silid-aralan<br>Library – Silid-aklatan<br>2. Hiramin ang tunog ng salita at baybayin sa Filipino.<br>Halimbawa<br>Cell phone - selfon<br>Book - buk<br>3. Hiramin na ng buo ang salita<br>Kapag mawawala ang tunay na kahulugan ng salita kapag tinumbasan sa Filipino, o kaya naman, mababago ang<br>kahulugan kapag binaybay sa Filipino, hiramin na lang ng buo ang salita. | |
| **I. Pagtataya ng Aralin** | Iparinig ang pabulang “Ang Leon at ang Daga” pah 170 ng aklat na Landas sa Wika, bago | Iparinig ang pabulang “Ang Leon at ang Daga” pah 170 ng aklat na Landas sa Wika, bago ibigay ang katangian ng | Tingnan at suriin ang mga nasa larawan at isalaysay ang mga pangyayari na inyong naobserbahan. | Iguhit ang :  kung ang pang-uri ay payak  kung ito ay maylapi  inuulit  | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | ibigay ang katangian ng tauhan batay sa kanyang pananalita at kilos.<br>5. “Aha, sa gutom kong ito, munting daga, pagtitiyagaan na kita! Istorbo!”<br>a. Nalulungkot b. Nahihiya c. Nagagalit<br>6. “ Maawa na po kayo, marangal na Leon!”_______ ang daga.<br>a. Natutuwa b. Natatakot c. Naiinis<br>7. “Nginatngat ng daga ang lambat kaya nakalaya si Leon._____ang daga sa kanyang pangako.<br>Taksil b. Tapat c. Maalalahanin | tauhan batay sa kanyang pananalita at kilos.<br>8. “Aha, sa gutom kong ito, munting daga, pagtitiyagaan na kita! Istorbo!”<br>a. Nalulungkot b. Nahihiya c. Nagagalit<br>9. “ Maawa na po kayo, marangal na Leon!”_______ ang daga.<br>a. Natutuwa b. Natatakot c. Naiinis<br>10. “Nginatngat ng daga ang lambat kaya nakalaya si Leon._____ang daga sa kanyang pangako.<br>Taksil b. Tapat c. Maalalahanin | 1. <br>**2.** | kung tambalan<br>1. Maliit<br>2. di-maliparang uwak<br>3. malalabi<br>4. mayaman<br>sagana | |
| **J. Karagdagang Gawain para sa takdang aralin at remediation** | | | | | |
| **V. MGA TALA** | | | | | |
| **VI. PAGNINILAY** | | | | | |
| **A. Bilang ng nakakuha ng 80% sa pagtataya** | | | | | |
| **B. Bilang ng mag-aaral na nangangailangan ng iba pang Gawain para sa remediation** | | | | | |
| **C. Nakatulong ba ang remedial? Bilang ng mag-aaral na nakaunawa sa aralin** | | | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **D. Bilang ng mag-aaral na magpapatuloy sa remediation** | | | | | |
| **E. Alin sa mga istratehiyang pagtuturo ang nakatulong ng lubos? Paano ito nakatulong?** | | | | | |
| **F. Anong suliranin ang aking naranasan na solusyonan sa tulong ng aking punongguro at superbisor?** | | | | | |
| **G. Anong kagamitang panturo ang aking nadibuho na nais kong ibahagi sa mga kapwa ko guro?** | | | | | |